


Buod ng Paglahok sa Komunidad Kent/Des Moines Lugar ng Istasyon



Panimula

Bumili ang Sound Transit ng humigit-kumulang apat na ektarya ng lupa sa lugar ng Midway sa Kent at Des Moines para mag-imbak ng mga gamit na pang-konstruksyon at mga mobile na opisina na gagamitin sa pagtatayo ang darating na Federal Way Link Extension light rail at isang bagong istasyon sa lugar ng Kent/Des Moines. Karamihan ng property na iyon, na matatagpuan malapit sa intersection ng State Route 99 at Kent-Des Moines Road, ay magagamit para sa muling pagpapaunlad kapag natapos na ang konstruksyon. Ang pagdaragdag ng mga bagong gamit gaya ng pabahay, tindahan, at iba pang community-oriented na mga aktibidades at maaring lumikha ng mga bagong pagkakataon at makatulong na ma isama ang bagong istasyon sa lokal na komunidad. Kasabay ng Lungsod ng Kent, pinangunahan ng Sound Transit ang proseso upang mabuo ang mga bagong aktibidades na bilang bahagi ng aming programang Transit Oriented Development (TOD).



Nagkaroon ng mga pagpupulong sa mga stakeholder at humingi sila ng mga priyoridad mula sa publiko para maka-identify ang ating mga layunin sa pagbuo ng lugar.

Importanteng Natuklasan

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng buod ng feedback na nakalap namin sa buong proseso ng paglahok.

Mag-alok ng mga bagong pagkakataon sa pabahay, kabilang ang mga abot-kayang yunit para sa iba't ibang laki ng sambahayan

- Pagnanais na makitang matupad ang abot-kayang pabahay bilang bahagi ng proyektong ito
- Pagnanais na makakita ng family-size yunits upang matugunan ang lokal na pangangailangan
- Pag intindi sa mga oportunidad upang makapag-ari ng bahay

Isama ang maliliit na tindahan o mga komersyal na gamit at mga bagong pabahay

- Pagnanais makasuporta at magalok ng mga puwang para sa mga lokal, maliliit at bagong mga negosyo
- Interesado sa mga negosyo ng pagkain, katulad ng food production at mga cafe or restawran

Lumikha ng halaga ng komunidad

- Pagnanais na merong serbisyo at suporta sa lokal na komunidad
- Pagnanais sa mga lugar para pagtitipon ng komunidad at pagpupulong
- Paggamit para sa childcare, o klinik, at mga serbisyo para sa komunidad, katulad ng employment, mental health at family counseling

Ipakita ang pagkakaiba-iba ng lokal na komunidad

- Pagnanais sa pagkakaiba ng gamit na itong proyekto para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad
- Pagnanais na matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao sa lahat ng kakayahan, kasama ang mga may kapansanan
- Pag intindi ng pagkakaiba-iba ng lahi at kultura sa itong lugar ng development sites

Dapat na palakasin ng disenyo ng site sa mga aktibo at mas tahimik na mga zone at mag-asenso ang kaligtasan ng publiko

- Ayusin ang 'puso' ng aktibidad sa paligid ng isang pampublikong plaza, kasama ang programa/kaganapan at mga tindahan.
- Tugunan ang mga alalahanin sa kaligtasan ng publiko sa proseso ng disenyo
- Padaliin ang mga koneksyon ng mga pedestrian at naka-bisikleta sa pagitan ng proyekto, ang light rail station, SR-99 at mga kalapit na kapitbahayan
- Mag-alok ng pagkakaiba-iba ng mga gusali, pampublikong espasyo, at espasyo na may damo, upang lumikha ng interes sa lugar na ito

Susunod na hakbang

Ang feedback ng komunidad na nakolekta sa paglahok ng publiko ay magagamit sa proseso na pagpili ng development partner o partners sa mahigpit na kompetisyon. Bukod sa iba pang pamantayan, isasaalang namin kung gaano kahusay ng mga prospective na kasosyo ng mga pangangailangan at pananaw na ipinahayag sa pagsisikap na ito.

Para makakuha ng update sa proyektong ito, bisitahin ang aming project website:

<https://www.soundtransit.org/system-expansion/creating-vibrant-stations/transit-oriented-development/kent-des-moines>

Proseso ng paglahok

- **Maagang paglahok:** Mga pagpupulong sa mga lokal at panrehiyong ahensya, mga gumagawa ng patakaran, mga organisasyong nakabatay sa komunidad, at iba pang mga stakeholder upang talakayin ang proyekto at mga potensyal na pangangailangan at layunin ng proyekto.
- **Yugto 1:** Ang online na survey ay nakatuon sa mga prayoridad para sa site, tulad ng pabahay, mga negosyo, mga serbisyo, mga tampok ng komunidad, at mga pampublikong espasyo.
- **Yugto 2:** Ang online open house, survey, at live na "community conversation" na kaganapan, para pagbutihin ang mga ideya sa proyekto.
- **Yugto 3:** Idokumento ang mga importanteng natuklasan galing sa paglahok ng publiko at ilarawan ang mga susunod na hakbang para sa proyekto.